

Cash and Food Subsidy for Marginal Farmers and Fishers, inilunsad sa Pampanga

LUBAO, PAMPANGA - Inilunsad ng Kagawaran ng Pagsasaka sa pangunguna ni Regional Director Crispulo Bautista Jr. ang programang Cash and Food Subsidy for Marginal Farmers and Fishers Program (CFSMFFP) sa Sto. Tomas Trading Post, along Olongapo-Gapan Road, Sto. Tomas ngayong araw.

Kaagapay ang Development Bank of the Philippines (DBP), layunin ng programang ito ang makapagbigay ng tulong pinansiyal sa mga magsasaka at mangingisdang apektado ng pandemyang Coronavirus disease 2019 (COVID-19).

Sa kasalukuyan, mayroong 416 benepisyaryo ang nakatanggap ng Php 3,000 tulong pinansiyal at Php 2,000-worth ng iba't ibang uri ng pagkain partikular ang bigas (Php 1,000), manok (Php 600) at itlog (Php 400) mula sa proyektong ito.

Labis ang pasasalamat ni Mayor Esmeralda Pineda ng Lubao sa ibinibigay na suporta at tulong ng iba't ibang ahensiya lalong lalo na ang Kagawaran ng Pagsasaka sa probinsiya.

“Hindi nila tayo pinapabayaan, ang buong Pampanga. Hindi lang naman ang buong Pampanga. Alam ko po na tuloy-tuloy po ang mga programa ng gobyerno kaya huwag po tayong mawalan ng pag-asa,” ani Mayor Pineda.

Sa mensahe ni Regional Director Bautista, inilatag niya ang mga nakalaang pondo na inihanda ng kagawaran para sa mga mangingisda, coconut farmers, corn farmers, sugarcane farmers at miyembro ng indigenous people.

“Out of the Php 24-billion na allocation ng Bayanihan 2 sa Department of Agriculture, mayroon pong Php 4.5-billion na ipamimigay sa ating mga non-rice farmers.

Samantala, iyong sa Rice Tariffication Law na nakolekta sa mga nag-i-import ng bigas ay mayroon na pong Php 6-billion. Iyon po ay ipamimigay sa susunod na buwan sa ating mga rice farmers,” dagdag niya.

Samantala, hinihikayat din ng direktor ang mga magsasaka at mangingisda na magparehistro sa Register System for Basic Sectors in Agriculture o RSBSA sa kani-kanilang munisipyo upang maging kwalipikadong benepisyaryo sa anumang programa at proyekto ng kagawaran.

Matatandaang noong ika-9 ng Nobyembre, pormal na nilagdaan ng kagawaran at DBP ang isang Memorandum of Agreement para sa CFSMFFP na mayroong Php 4.5- bilyong pondong nakalaan sa ilalim ng Bayanihan to Recover as One Act (Bayanihan II).
